

Donasyon ng Plasma sa Paggaling para sa COVID-19

Kung gumaling ka mula sa COVID-19, maaari kang magbigay ng plasma ng dugo. Isa itong pamamaraan na gaya ng pagbibigay ng dugo. Ginagawa ang pamamaraan upang kumolekta ng antibodies na lumalaban sa virus na SARS-CoV-2 na nagdudulot ng COVID-19. Pagkatapos ay maaaring ibigay ang antibodies sa mga taong malubha ang sakit. Maaaring makatulong ito sa kanila na malabanan ang sakit.

Ano ang donasyon ng plasma?

Ang plasma ay ang likido na bumubuo ng medyo mahigit sa kalahati ng iyong dugo. Ang iyong natitirang dugo ay mga pulang selula ng dugo, puting selula ng dugo, at mga platelet. Ang plasma sa sarili nito ay isang dilaw na likido. Mayroon itong tubig, mga asin, enzyme, protina, at iba pang substansya.

Ang antibodies ay mga protina sa dugo na tumutulong malabanan ang sakit. Gumagawa ng mga tiyak na antibodies ang katawan ng tao kapag mayroon siyang COVID-19. Kung nagbigay ka ng plasma matapos magkaroon ng COVID-19, ilan sa mga antibodies na iyon ay maaaring maalis mula sa plasma at ibigay sa mga tao upang tulungan silang malabanan ang sakit.

Kapag nagbigay ka ng plasma, kinukuha ang dugo mula sa ugat sa pamamagitan ng manipis at nababaluktot na tubo (catheter). Dinadala ang dugo sa pamamagitan ng tubo papunta sa isang makina. Inihihiwalay ng makina ang mga selula ng dugo mula sa plasma. Pagkatapos ay ibinabalik sa iyo ang mga selula ng dugo, kasama ng solusyong saline. Tinatawag ang pamamarang ito na plasmapheresis.

Sino ang maaaring mag-donate?

Maaari kang mag-donate ng plasma para sa COVID-19 kung ikaw ay:

- Nagkaroon ng COVID-19 sa nakalipas, kinumpirma ng pagsusuri sa laboratoryo, ngunit ganap nang gumaling
- Hindi nagkaroon ng mga sintomas ng COVID-19 nang hindi bababa sa 14 araw
- Nakatutugon sa mga kinakailangan sa edad at timbang sa iyong lugar ng pagdodonasyon ng dugo
- May pangkalahatang mabuting kalusugan. Nangangahulugan ito na dapat maganda ang iyong pakiramdam kapag nagdo-donate ka, kahit na mayroon kang talamak na mga kondisyon na ginagamot.

- Nakatutugon sa anumang iba pang mga kinakailangan para maging karapat-dapat sa iyong lugar ng pagdodonasyon ng dugo

Kung nais mong mag-donate ng plasma, sasailalim ka muna sa proseso ng pag-screen. Kukuhanin ang kaunting dugo sa iyo. Susuriin ang dugo para sa type ng dugo. Susuriin ang iyong dugo upang matiyak na mayroon itong antibodies ng SARS-CoV-2. At susuriin ang iyong dugo para mga impeksyon tulad ng hepatitis B at C, at HIV.

Mga posibleng panganib at komplikasyon

Mayroong mga panganib ang lahat ng pamamaraan. Kabilang sa mga panganib ng pagdodonasyon ng plasma ang:

- Pakiramdam na nanghihina o nahihilo
- Pagkawala ng likido (pagkatuyo ng tubig sa katawan)
- Pagkapasa
- Impeksyon kung saan itinusok ang karayom sa balat

Paghahanda para sa pamamaraan

Sundin ang mga tagubilin na makukuha mo mula sa lugar ng pagdodonasyon ng dugo. Dapat kang kumain at uminom bago ka mag-donate. Maaaring kailanganin mong ihinto ang pag-inom ng ilang gamot bago ka mag-donate. Maaaring kasama rito ang aspirin o ilang uri ng mga gamot para sa presyon ng dugo.

Habang nasa pamamaraan

Tumatagal ang pamamaraan ng halos 90 minuto. Maaari kang magbasa ng libro o magasin, o makinig sa musika. Habang nasa proseso ng pagdodonasyon ng plasma, uupo o hihiga ka. Ilalagay ang catheter sa isang ugat sa iyong braso. Nakakonekta ang catheter sa isang makina. Ang ilan sa iyong dugo ay dadaloy sa catheter papunta sa makina. Inihihawalay ng makina ang plasma mula sa iyong dugo. Pagkatapos ay ibinabalik ang iyong mga selula ng dugo sa iyong katawan kasama ng kaunting solusyon ng asin (saline). Maaari kang makaramdam ng pangngilabot sa paligid ng iyong bibig at mga daliri. O maaari kang magkaroon ng lasang metal sa iyong bibig. Sanhi ito ng solusyong ginagamit sa makina upang tiyakin na hindi mamumuo ang dugo sa makina.

Pagkatapos ng pamamaraan

Mabilis na makagagawa ng plasma ang iyong katawan, karaniwang sa loob ng dalawang araw. Karaniwang maaari kang bumalik sa iyong mga normal na gawain matapos mong mag-donate, ngunit huwag gumawa ng nakakapagod na mga gawain pagkatapos. Uminom ng mga likido upang mapanatiling hydrated. Magpahinga kung nakakaramdam ka ng pagod. Tumawag sa iyong tagapangalaga ng kalusugan kung mayroon ka ng anumang palatandaan ng impeksiyon kung saan inilagay ang catheter sa iyong braso.

Paghanap kung saan magdo-donate

Maaari mong itanong sa iyong tagapangalaga ng kalusugan kung saan magdo-donate ng plasma para sa COVID-19. O maaari kang makipag-ugnayan sa alinman sa mga grupong ito:

- Red Cross, redcrossblood.org
- Asosasyon ng mga Bangko ng Dugo sa Amarika (American Association of Blood Banks) (AABB), aabb.org o covidplasma.org
- Vitalant, vitalant.org
- Ang Laban ay Nasa Loob Natin (The Fight Is In Us), thefightisinus.org

Last modified date: November 4, 2020

Copyright © 2020 The StayWell Company, LLC. except where otherwise noted.